KAPASIYAHAN BILANG 93-98

KAPASIYAHAN NA NAGKAKALOOB NG HALAGANG PITONG DAANG LIBONG PISO (P700,000.00) BILANG KARAGDAGANG TULONG-PINANISYAL SA PAGPAPAGAWA NG DAANG MAKAKAPAG-UGNAY SA BAYAN NG LOBO, LALAWIGAN NG BATANGAS SA IBANG KARATIG LUGAR NITO.

************************************************************

Ipinanukala nina: Kgg. Rufino B. Joaquin
Kgg. Roger C. Smith

************************************************************

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagtibay ang Kapasiyahan Bilang 93-65 na nagkakaloob ng halagang P300,000.00 bilang paunang tulong-pinansiyal sa Bayan ng Lobo, Batangas para sa pagpapagawa ng isang daang makakapag-ugnay sa ibang karatig-lugar nito;

SAPAGKAT, ang binanggit na tulong-pinansiyal ay hindi sumapat upang lubos na matugunan ang pinansiyal na pangangailangan sa pagpapagawa ng nabanggit na daan;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagtibay pa rin ang Kapasiyahan Bilang 93-64 na nagpapalawig ng pangkalakalan at pampublikong pakikipag-ugnayan sa Bayan ng Lobo, Batangas sa pamamagitan ng pagtatatag ng kasunduang kapatiran sa pagitan ng nasabing bayan at ng Bayan ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, ang Bayan ng Lobo, Batangas sa pamamagitan ng mga pambayang opisyales nito ay dumulog sa Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa sa masidhing pangangailangan ng kanilang bayan na magkaroon ng isang daang mag-uugnay sa kanilang kabayanan patungo sa mga barangay nito at mga karatig bayan.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan na pagkalooban ng halagang Pitong Daang Libong Piso (P700,000.00) bilang karagdagang tulong-pinansiyal sa pagpapagawa ng daang makakapag-ugnay sa Bayan ng Lobo, Lalawigan ng Batangas sa ibang karatig lugar nito.

PINAGTIBAY NG HIGIT NA NAKARARAMING Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang ika-56th na regular na pulong na ginanap ngayong ika-20 ng Setyembre, 1993.

PINATOTOHANAN:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal
(Di Sang-ayon)

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal
(Di Lumahok)

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

(Hindi Sang-ayon)
KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS,JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.
(Di Sang-ayon)

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS,JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan
(Di Lumahok)

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan